

# *Ang Tatlong Panuntunan*

(*Al-Usul At-Thalatha*)

Isinalin ni  
*Eisa Javier*

## الأصول الثلاثة

باللغة الفلبينية  
ترجمة: عيسى سلوبه حبليه

يكتب على الكعب:

الأصول الثلاثة (باللغة الفلبينية) | إصدار رقم: ٩٢ | من إصدارات الكتب التعاوني للدعوة والإرشاد بالجامعة



*Sa Ngalan ni Allah  
Ang Pinakamaawain Ang Napakamaawain*

## *Mga Nilalaman*

- *Panimula*
- *Patnugot ng Tagapagsalin*
- *Ang Apat na Saligan*
- *Unang Saligan*
- *Pangalawang Saligan*
- *Pangatlong Saligan*
- *Pang-apat na Saligan*
- *Ang Tatlong Panuntunan*
- *Unang Panuntunan*
- *Pangalawang Panuntunan*
- *Pangatlong Panuntunan*

- ❖ Pamagat: *Ang Tatlong Panuntunan* – الأصول الثلاثة (باللغة الفلبينية)
- ❖ Edition: Una – 2008 September
- ❖ Isinalin ni: Christopher "Eis" Javier
- ❖ Cooperative Office for Call & Fofiegners Guidance
- ❖ Al-Majma'ah
- ❖ Editor: Islamic Society for Information & Propagation,  
Phil. – ISIP

## *Patnugot ng Tagapagsalin*

**A**ng lahat ng papuri ay ukol lamang kay Allah ang Pinakamaawain ang Napakamaawain at nawala ang pagpapala at pagbati ay sumay kay Muhammad at sa kanyang pamilya at mga kasamahan.

Ang lathalaing ito ay sumailalim sa isang maingat na pagrerepaso, to ay isinalin mula sa orihinal na wika ng Arabe (kung hindi man ang buong teksto ay ang mga *ayâh* at *hadîth*), gayun pa man ay maingat itong inirepaso ng mga kapatid na may kaalaman sa wika ng Tagalog upang mas maging madaling maunawaan at basahin.

Isa rin sa isyung nais bigyan linaw dito, ay ang paggamit ng Pantukoy na (si, ni at kay), kung inyong mapupuna, ang mga pantukoy na ito ang aming ginagamit para sa ating Panginoon na si Allah, hindi tulad ng mapapansin sa karamihang babasahin na ang ginagamit na Pantukoy kay Allah ay (ang, ng at sa). Aming pinaboran ang paggimit ng (si, ni at kay) upang pantukoy kay Allah sapagkat ayun sa masusing pag-aaral ay ito ang lumalabas na tama na karapat-dapat sa pangalan ni Allah, at gayun rin ayun sa tamang paggamit ng wika ng Filipino lalu't sa diyalektong Tagalog.

*Ilan sa mga puntos kung bakit ito ang tamang gamitin ay una:*

- (1) sapagkat ang salitang Allah ay ang **Pangngalang Pantangi** ng Diyos at hindi Pangngalan Pambalana o titulo, na ayon sa mga pantas ng wika ng Pilipino kung ito ay Pangngalang Pantangi ng *Sinasamba* ay siyang Pantukoy na Panao rin ang nararapat gamitin at ito ay ang (si, ni at kay).
- (2) Pangalawa. (2) Walang sapat na katibayan na ang mga Pantukoy na (si, ni at kay) ay natatangi lamang sa tao.
- (3) Pangatlo na ang paggamit ng Pantukoy na (ang, ng at sa) ay kailanman ay hindi maaring gamitin sa Pangngalan Pantangi ng anumang may-buhay.

Sa katunayan dahil na rin sa pagkakaroon ng pagkakaiba sa pagitan ng mga mananalin at mangangaral ng Islam ay isinagguni ang usaping ito sa pinakamataas na awtoridad ng wika ng *Filipino*, ito ang "Komisyon sa Wikang Pilipino". At napagdisesyunan sa pangunguna ni **Dr. Nenita Buenaobra** ang Direktora ng sangay na pagkatapos maipaliwanag sa kanya ang tunay na kahulugan ng salitang "Allah" sa konsepto ng *Ahlu Sunnah wal Jama'ah*, na ang tamang Pantukoy upang gamitin kay Allah ang mga Pantukoy na (si, ni at kay) sapagkat itong nga ay Pangngalan Pantangi.

At gayun upang mas maging matatag ang mga patunay ay isinangguni rin ito sa *Ministry of Islamic Affairs KSA* ang talakaying ito, at dahil na rin sa ito ang pinakamataas na awtoridad pagdating sa usaping pang-Islamiko, at ito rin ang nagbibigay ng permiso sa lahat ng mga nilalathalang babasihin sa lahat ng wika sa loob ng Kahariang Saudi. At lumabas sa kanilang disesyon ayon rin sa pagsangguni sa kanilang *Religious Attaché*, mga mananalin at tagapagpalaganap ng Islam sa Kaharian at Pilipinas na ang tamang gamitin upang Pantukoy kay Allah ay (si, ni at kay).

Para sa karagdagang impormasyon ay maari kayong magpadala ng email sa eisa\_biuc@yahoo.com.

Aming hinihiling nawa ay gabayan tayong lahat ni Allah at paglinawin sa atin ang katotohanang ito.

*Eisa Javier*

## *Panimula*



Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Allah, ating pinupuri Siya, tayo ay humihingi ng tulong sa Kanya at ng kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop kay Allah laban sa masama sa ating sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa. Sinuman ang gabayan ni Allah ay walang kayang magligaw at sinuman ang hayaan Niyang maligaw ay walang makapaggagabay.

Ako ay sumasaksi na walang diyos na marapat sambahin maliban kay Allah, ang natatangi ang walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ﷺ ay lingkod at Sugo Niya, sumakanya nawa ang pagpapala at pagbati at sa kanyang mga pamilya at kasamahan at sa lahat ng tumahak ng matuwid na landas.

Sabi ni Allah:

﴿يَأَيُّهَا الَّذِينَ إِيمَنُوا أَتَقْوِا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِلِهِ وَلَا تَمُوتُنَ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ ﴾<sup>(١٠٢)</sup>

“O mga sumampalataya, matakot kayo kay Allah nang marapat na pagkatakot sa Kanya, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”

*Qur'an 3:102*

﴿ يَتَّهِمُهَا النَّاسُ أَنْقُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُم مِّنْ نَفْسٍ وَاحِدَةٍ وَخَلَقَ مِنْهَا زَوْجَهَا وَبَثَّ مِنْهَا رِجَالًا كَثِيرًا وَنِسَاءً وَأَنْقُوا اللَّهُ الَّذِي تَسَاءَلُونَ بِهِ وَالْأَرْحَامَ إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلَيْكُمْ رَقِيبًا ﴾

“O mga tao, matakot kayo sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo mula sa nag-iisang tao, at nilikha Niya mula rito ang kabiyak nito, at nagpalaganap Siya mula sa dalawang ito ng maraming kalalakihan at kababaihan. Matakot kayo kay Allah, na sa pamamagitan Niya ay lagian humihiling kayo, at sa mga kamag-anakan; tunay na si Allah sa inyo ay laging Tapagmasid.”

*Qur'an 4:1*

﴿ يَتَّهِمُهَا الَّذِينَ ءاْمَنُوا أَنْقُوا اللَّهَ وَقُولُوا قَوْلًا سَدِيدًا ﴿٦﴾ يُصْلِحَ لَكُمْ أَعْمَالَكُمْ وَيَغْفِرُ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَمَنْ يُطِيعَ اللَّهَ وَرَسُولَهُ فَقَدْ فَازَ فَوْزًا عَظِيمًا ﴿٧﴾

“O mga sumampalataya, matakot kayo kay Allah at magsabi kayo ng salitang matuwid, itutuwid Niya para sa inyo ang mga gawain ninyo at patatawarin Niya sa inyo sa mga kasalanan ninyo. Ang sinumang tumatalima kay Allah at sa Sugo Niya ay nagtamo na siya ng isang dakilang tagumpay.”

*Qur'an 33:70-71*

## *Ang Apat na Saligan*

Dapat natin malaman na ang relihiyon ni Ibrahim ﷺ ay ang relihiyon ng pagsamba sa iisang Diyos, sabi ni Allah:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ ﴿٥١﴾

“At hindi Ko nilikha ang mga jinn at tao maliban lamang na sambahin Ako.”

*Qur'an 51:56*

Kapag iyong nalaman na ang dahilan ng paglikha sa iyo ni Allah ay upang sambahin mo Siya, gayun dapat mong malaman na ang pagsambang ito ay dapat na natatangi lamang para sa Kanya at walang katambal dito. Tulad ng pagsasagawa ng Ṣalāh, na ito ay hindi magiging ganap maliban kung ito ay gawin para lamang kay Allah, at anumang pagsamba ay magiging walang saysay kung ito ay hindi inuukol para sa lamang kay Allah at walang katambal dito.

Samakatuwid kapag nahaluan ng pagtatambal ang pagsamba ay nawawalan ito ng saysay at nawawalan ng silbi ng lahat ng mga gawa ng alipin. Sabi ni Allah :

﴿ إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرِكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُورَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكُ بِاللَّهِ فَقَدْ ضَلَّ ضَلَلاً بَعِيدًا ﴾ ﴿٣٦﴾

“Tunay na hindi pinapatawad ni Allah ang kasalanang pagtatambal sa Kanya, at ang iba ay Kanyang pinapatawad kung naisin Niya.”

*Qur'an 4:116*

At ang pagpapaalalang ito ay mayroong Apat na Saligan:

## *Ang Unang Saligan*

Na dapat malaman na ang mga tumagging manampalataya na silang kalaban ng Sugo ﷺ, na silang pinaliwanagan ng Islam at nilinaw sa kanila ang pagiging tagapaglikha ni Allah at ang Kanyang mga Kapangyarihan ngunit hindi sila natatakot sa parusa ni Allah, Sabi pa ni Allah,

﴿ قُلْ مَنْ يَرْزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أَمْ مِنْ يَمْلِكُ الْسَّمَعَ وَالْأَبْصَرَ وَمَنْ تُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَيِّتِ وَتُنْخِرُ الْمَيِّتَ مِنَ الْحَيِّ وَمَنْ يُدِيرُ الْأَمْرَ فَسَيَقُولُونَ اللَّهُ فَقُلْ أَفَلَا تَتَقَوَّنَ ﴾ ﴿٣٧﴾

“Sabihin; Sino ang nagtutustos para sa inyo mula sa langit at sa lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin?

## *Ang Tatlong Panuntunan*

At sino ang naglabas ng buahy mula kamatayan at Siyang nagdala ng kamatayan sa mga buhay? At sino ang nagpapangyari ng mga bagay? At kanilang sasabihin si Allah. Sabihin; Kung gayun hindi ba kayo natatakot sa parusa ni Allah?”

*Qur'an 10:31*

## *Ang Pangalawang Saligan*

Ang mga *Mushrikin* ay nagsasabing hindi naman kami nananalangin sa kanila (mga itinambal kay Allah), ginawa lamang naming yun dahil gusto naming gawin silang tagapamagitan kay Allah o mapalapit sa Kanya. Sabi ni Allah :

﴿ وَالَّذِينَ أَخْنَدُوا مِنْ دُونِهِ أُولَئِكَ مَا نَعْبُدُ هُمْ إِلَّا لِيُقْرَبُوْنَا إِلَى اللَّهِ رُلْفَى إِنَّ اللَّهَ تَحْكُمُ بَيْنَهُمْ فِي مَا هُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُوْنَ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي مَنْ هُوَ كَذِبٌ كَفَّارٌ ﴾

“At silang gumawa ng mga awliya’ maliban sa Kanya (Allah) ay nagsasabing; sinamba lamang namin sila uapng maging malapit sa kay Allah. Tunay na sila ay hahatulan ni Allah hinggil sa kanilang pagsasalungatan. Tunay na hindi ginagabayang ni Allah ang mga sinungaling at mga tumagging manampalataya.”

*Qur'an 39:3*

## *Ang Tatlong Panuntunan*

Ang sabi ni Allah hinggil sa mga gumagawa ng mga tagapamagitan,

﴿ وَيَعْبُدُوْنَ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمْ وَلَا يَنْفَعُهُمْ وَيَقُولُوْنَ هَؤُلَاءِ شُفَعَوْنَا عِنْدَ اللَّهِ ﴾

“At sila ay sumamba sa maliban pa kay Allah na siyang hindi makadudulot ng kasamaan sa kanila at ni hindi makakapagpabuti sa kanila; at kanilang sinasabi na ito ang aming mga tagapamagitan kay Allah.”

*Qur'an 10:18*

Ang Paggawa ng tagapamagitan ay may dalawang uri, ang pinahihintulutang pagpapamagitan at ang ipinagbabawal na pagpapamagitan.

Ang ipinagbabawal na pagpapamagitan ay ang paghiling sa iba maliban pa kay Allah.

﴿ يَأَيُّهَا الَّذِينَ ءامَنُوا أَنْفَقُوا مِمَّا رَزَقْنَاهُمْ مِنْ قَبْلِ أَنْ يَأْتِيَ يَوْمٌ لَا يَعْلَمُ فِيهِ وَلَا خُلَةٌ وَلَا شَفَعَةٌ وَالْكَافِرُوْنَ هُمُ الظَّالِمُوْنَ ﴾

“O mga sumampalataya, gumugol kayo mula sa ipinagkaloob Namin sa inyo bago dumating ang isang Araw na wala nang bilahan at wala nang pagkakaibigan at wala nang pamamagitan. Ang mga tumatangging sumampalataya ay ang mga lumalabag sa katarungan.”

*Qur'an 2:254*

## *Ang Tatlong Panuntunan*

Ang ipinahihintulot na pagpapamagitan ay ang paglapit na ihiling dito para kay Allah, isang tao na kanaisaan kay Allah ang kanyang mga kilos at pananalita, at na ito ay dapat na pinahintulutan ni Allah, sabi ni Allah,

﴿ إِنَّ اللَّهَ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَقُّ الْفَيْوُمُ لَا تَأْخُذُهُ سَنَةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا أَلَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسَعَ كُرْسِيُهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يُعُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ ﴾



“Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Napakadakila.”

*Qur'an 2:255*

## *Ang Tatlong Panuntunan*

### *Ang Pangatlong Saligan*

Ito ay na si Propeta Muhammad ﷺ ay nakatagpo ng mga taong may iba't-ibang mga sinasamba, tulad ng mga sumasamba sa mga anghel, propeta, mabubuting tao, bato, puno, araw at buwan. Ang mga ito ay kinalaban ng Propeta ﷺ ay tinuring sila ng magkakatulad.

Ang katunayan dito ay ang sinabi ni Allah,

﴿ وَقَتَلُوهُمْ حَتَّىٰ لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ الَّذِينُ لَهُ فَإِنْ أَنْهَوْا فَلَا عُذْوَانَ إِلَّا عَلَى الظَّالِمِينَ ﴾

“Makipaglaban kayo sa kanila hanggang sa wala nang pagsuway at ang pagtalima ay ukol na kay Allah. Ngunit kung magsisitigil sila, wala nang pang-aaway kundi doon sa mga lumalabag sa katarungan.”

*Qur'an 2:193*

At ang katibayan ng kanilang pagsamba sa araw at buwan ay ang sinabi ni Allah,

﴿ وَمِنْ ءَايَتِهِ الْأَلَيْلُ وَالنَّهَارُ وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ لَا تَسْجُدُوا لِلشَّمْسِ وَلَا لِلْقَمَرِ وَاسْجُدُوا لِلَّهِ الَّذِي خَلَقَهُمْ إِنْ كُنْتُمْ إِيمَانًا تَعْبُدُونَ ﴾

## *Ang Tatlong Panuntunan*

“Kabilang sa mga Tanda Niya ang gabi at ang maghapon, at ang araw at ang buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw ni sa buwan; magpatirapa kayo kay Allah na lumikha sa mga ito, kung kayo ay sa Kanya sumasamba.”

*Qur'an 41:37*

At ang katibayan naman na ang mga anghel ay sinamba rin ng mga di-mananampalataya ay ang sinabi ni Allah,

﴿ وَلَا يَأْمُرُكُمْ أَن تَتَّخِذُوا مُتَّلِّكَةً وَالنَّبِيِّنَ أَرْبَابًا أَيَّامُكُم بِالْكُفْرِ  
بَعْدَ إِذْ أَنْتُم مُسْلِمُونَ ﴾

“Ni mag-uutos ito sa inyo na gawin ang mga anghel at mga propeta bilang mga panginoon. Ipag-uutos kaya nito sa inyo ang kawalang-pananampalataya matapos na kayo ay naging mga Muslim?”

*Qur'an 3:80*

At ang katibayan na sinamba rin nila ang mga sugo't propeta, sabi ni Allah,

﴿ وَإِذْ قَالَ اللَّهُ يَعْبُسِي أَبْنَ مَرْيَمَ أَنْتَ قُلْتَ لِلنَّاسِ أَخْذُونِي وَأُتَى إِلَهَيْنِ مِنْ دُونِ اللَّهِ قَالَ سُبْحَنَكَ مَا يَكُونُ لِي أَنْ أَقُولَ مَا لَيْسَ لِي بِحَقٍّ إِنْ كُنْتُ

## *Ang Tatlong Panuntunan*

قُلْتُهُ فَقَدْ عَلِمْتَهُ تَعْلَمُ مَا فِي نَفْسِي وَلَا أَعْلَمُ مَا فِي نَفْسِكَ إِنَّكَ أَنْتَ عَلَيْهِ الْغَيُوبُ ﴿١١﴾

“Banggitin kapag magsasabi si Allah: “O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang mga diyos bukod pa kay Allah?” ay magsasabi ito: “Napakamaluwalhati Mo; hindi para sa akin na sabihin ko ang wala akong karapatan. Kung ako ay nagsabi niyon, talagang nalaman Mo na sana iyon. Nalalaman Mo ang nasa sarili ko at hindi ko nalalaman ang nasa sarili Mo. Tunay na Ikaw ay ang Napakamaalam sa mga Nakalingid.”

*Qur'an 5:116*

At ang katibayan na sinamba rin nila ang mga puno at bato, sabi ni Allah,

﴿ أَفَرَأَيْتُمُ الْلَّهَ وَالْعَزَّى وَمَنْتَوَةَ الْثَالِثَةِ الْأُخْرَى ﴾

“Ano ang tingin ninyo kina Allat at Al'uzza, at kay Manah, ang ikatlo pa?”

*Qur'an 53:19-20*

At mula naman sa *hadith* ni Abu Waqid al-Laythee ﷺ, “Lumisan kami patungong Hunain sa isang ekspedisyon, at sa panahong yaon ay kaiiwan lamang namin sa kufr, at nadaan namin ang isang puno na pinagsasabitang ng mga Mushrikin ng kanilang armas upang magpabiyaya dito na

## *Ang Tatlong Panuntunan*

kung tawagin at “Dhat Anwat”, at sinabi namin; o Sugo ni Allah ﷺ gawan mo rin kami ng “Dhat Anwat”, sinabi ng Propeta ﷺ, “*Allahu Akbar, Allahu Akbar, Allahu Akbar*”, sumpa man sa Siyang aking kaluluwa ay nasa Kanyang kamay na ganito ang sinabi ng angkan ni Israel kay Musa ﷺ. Sabi ni Allah,

﴿ وَجَنُوْزَنَا بِيْنَ إِسْرَاءِيلَ الْبَحْرَ فَأَتَوْا عَلَى قَوْمٍ يَعْكُفُونَ عَلَى أَصْنَامِهِمْ فَأُلْوَأْ يَنْمُوسَى أَجْعَلَ لَنَا إِلَهًا كَمَا لَهُمْ إِلَهٌ قَالَ إِنَّكُمْ قَوْمٌ تَجْهَلُونَ ﴾ TM

“At itinawid Namin ang Angkan ni Israel sa dagat, at napunta sila sa lipong ng tao na naghahangad ng debosyon sa mga rebulto nila, sabi nila O Musa gawan mo rin kami ng diyos tulad ng kanilang diyos, sabi (ni Musa) tunay na kayo ay lipon ng mga nagpapakamangmang”

*Qur'an 7:138*

## *Ang Pang-apat na Saligan*

Ang mga *Mushrikin* sa ating panahon ay mas masidhi sa kanilang *Shirk* kaysa sa mga naunang panahon. Sapagkat ang *Mushrik* noon ay tinatambal lamang nilang si Allah sa mga panahong maginhawa ang kanilang buhay ngunit kung dumarating ang trahedyang kanila ay si Allah lamang ang kanilang sinasamba. Ngunit ang mga *Mushrik* sa ating panahon ay itinatambal si Allah sa panahon ng ginhawa at tinatambal pa rin nila si Allah sa pahanon ng trahedyang kanila. Ang katibayan sa mga ito ay ang sinabi ni Allah,

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ فَإِذَا رَكَبُوا فِي الْفُلُكِ دَعَوْا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الَّذِينَ فَلَمَّا خَنَقُوهُمْ إِلَى الْبَرِّ إِذَا هُمْ يُشْرِكُونَ ﴾ TM

“At kapag nakasakay sila sa sasakyang-dagat ay dumadalangin sila kay Allah na nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima; subalit noong naihatid na Niya sila nang ligtas sa katihan, walang-anu-ano sila ay nagtatambal sa Kanya”

*Qur'an 29:65*

At ang hinggil naman isa ay,

﴿ وَأَخْتَلَفُ الَّلَّيْلُ وَالنَّهَارُ وَمَا أَنْزَلَ اللَّهُ مِنَ السَّمَاءِ مِنْ رِزْقٍ فَأَحْيَا بِهِ الْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا وَتَصْرِيفِ الْرِّيحِ إِذَا يَأْتِي لِقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴾ TM

“Sa pagsasalitan ng gabi at maghapon, sa ibinaba ni Allah mula sa langit na kaloob at binuhay Niya sa pamamagitan niyon ang lupa matapos ang pagkamatay nito, at sa pagpihit sa mga hangin ay may mga Tanda para sa mga taong umuunawa.”

*Qur'an 45:5*

## *Ang Tatlong Panuntunan ng Islam*

Iyong malaman na marapat sa atin ang malaman ang **apat na talakayin**, ito ay;

**Una:**

Ang kaalaman sa pagkakilala kay Allah ﷺ, pagkakilala sa kanyang Propeta ﷺ at kaalaman sa relihiyong Islam sa pamamagitan ng mga patunay sa Qur'an at Sunnah.

**Pangalawa:**

Ang pagkilos sa hinhiling ng mga ito.

**Pangatlo:**

Ang ipanawagan ito.

**Pangapat:**

Ang pagtiis sa pagtupad ng mga ito.

Ang patunay dito mula sa sabi ni Allah ﷺ;

﴿ وَالْعَصْرِ ﴾ إِنَّ الْإِنْسَنَ لِفِي خُسْرٍ ﴿ إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّلِحَاتِ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبَرِ ﴾ ﴿

“Sumpaman sa panahon, tunay na ang tao ay lugi, maliban sa mga silang nanampalataya at gumawa ng kabutihan at nagpayuhan ng katotohanan at nagpayuhan ng pagtitiis.”

*Qur'an 103:1-3*

Sabi ni Imâm ash-Shâfi'i: “Kung sakaling wala ng iba pang Surâh na ipinadala si Allah ﷺ maliban dito ay sapat na ito sa kanyang mga nilikha.”

Sabi ni al-Bukhârî: “Kaalaman muna bago ang pagsasalita at paggawa.”

At ang patunay ay mula sa sabi ni Allah ﷺ,

﴿ فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنبِكَ ﴾ ﴿

“At iyong malaman na walang diyos maliban kay Allah at humingi ng kapatawaran para sa kasalanan mo...”

*Qur'an 47: 19*

Kaya't marapat na simulan ng kaalaman bago ang pagsasalita at pagkilos.

Marapat sa mga lalaki at babaing Muslim ang tatlong panuntunang ito at kumilos ayon dito;

## *Ang Tatlong Panuntunan*

*Una:*

Na si Allah ﷺ ang Siyang lumikha sa ating lahat at nagtutustos at hindi niya tayo pinabayaan ng ganoon na lamang bagkos ay nagpadala siya ng mga sugo, na kung sinuman ang sumunod dito ay papapasukin sa Paraiso at sinuman ang sumuway ay papapasukin sa Impiyerno.

Ang patunay dito ay ang sinabi ni Allah ﷺ,

﴿ إِنَّا أَرْسَلْنَا إِلَيْكُمْ رَسُولًا شَهِدًا عَلَيْكُمْ كَمَا أَرْسَلْنَا إِلَىٰ فِرْعَوْنَ رَسُولًا ۝  
﴿ فَعَصَىٰ فِرْعَوْنُ الْرَّسُولَ فَأَخْذَنَاهُ أَخْذًا وَبِلًا ۝

“Tunay na Kami ay nagpadala sa inyo ng sugo upang maging saksi sa inyo, tulad ng pagpapadala Namin kay Fara'un ng sugo, ngunit si Fara'un ay sumuway sa sugo kaya't siya ay Aming nilupig ng mapaminsalang paglupig.”

*Qur'an 73: 15-16*

*Pangalawa:*

Si Allah ﷺ ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya mula sa Kanyang mga lingkod, ni mula sa malalapit sa Kanya na anghel, ni sa mga propetang isinugo.

Ang patunay ay mula sa sinabi ni Allah ﷺ;

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا ۝

“At tunay na ang mga masjid ay para kay Allah kaya't huwag manalangin sa iba maliban kay Allah.”

*Qur'an 72: 18*

*Pangatlo:*

At sa sinuman ang sumunod sa sugo at binukod tinangi si Allah ﷺ ay hindi marapat sa kanya ang tumangkilik sa sinumang tinanggi si Allah ﷺ at ang kanyang sugo kahit na ito pa ay kanyang kamag-anak.

Sabi ni Allah ﷺ;

﴿ لَا يَجِدُ قَوْمًا يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ يُوَادُّونَ مَنْ حَادَ اللَّهَ وَرَسُولَهُ ۚ وَلَئَنَّ كَانُوا أَبَاءَهُمْ أَوْ أَبْنَاءَهُمْ أَوْ إِخْرَنَهُمْ أَوْ عَشِيرَتَهُمْ أُولَئِكَ كَتَبَ فِي قُلُوبِهِمُ الْإِيمَانَ وَأَيَّدَهُمْ بِرُوحٍ مِّنْهُ وَيُدْخِلُهُمْ جَنَّتِ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَلِيلِينَ فِيهَا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ أُولَئِكَ حِزْبُ اللَّهِ أَلَا إِنَّ حِزْبَ اللَّهِ هُمُ الْمُفْلِحُونَ ۝

“Hindi ka makatatago ng mga sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw na nagbibigay ng simpatiya sa sinumang tumanggi kay Allah at sa kanyang sugo kahit na ito ay mula sa kanilang mga magulang o mga anak o mga kapatid o mga kamag-anakan, sapagkat silang mga tinakdaan ng

## **Ang Tatlong Panuntunan**

pananampalataya sa kanilang mga puso at itinaguyod sila sa pamamagitan ng espiritong mula sa Kanya at ipapasok sila sa mga harden na mayroong umaagos ng ilog at sila dito ay panghabang buhay na mananahan. Si Allah ay nalulugod sa kanila at sila'y nangalulugod kay Allah. Sila ang pangkat ni Allah, hindi baga ang pangkat ni Allah ang silang mga tagumpay.”

*Qur'an 58: 22*

Ang pagsunod kay Allah ﷺ ay ayun sa Kanyang kaisahan, ito ay ang siyang paniniwala ni Ibrahim ﷺ, ang sambahin lamang si Allah ﷺ nang mayroong dalisay na hangarin, dito ay inutusan ni Allah ﷺ ang lahat ng tao at nilalang.

Sabi ni Allah ﷺ;

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونَ ﴾

“At hindi Namin nilikha ang mga jinn<sup>1</sup> at tao maliban sa pagsamba lamang sa Akin.”

*Qur'an 51: 56*

At ang kahulugan ng “pagsamba lamang” ay ang tangiin si Allah ﷺ na nag-iisang dapat sambahin.

<sup>1</sup> Jinn – wikang Arabe na ang kahulugan ay ang mga nilalang na di nakikita ng tao.

## **Ang Tatlong Panuntunan**

At ang Tawhîd<sup>2</sup> ang siyang pinakadakila sa mga kautusan ni Allah ﷺ, at ito ay ang siyang pagbubukod-tangi kay Allah ﷺ sa pagsamba at ang pinakadakila sa Kanyang mga ipinbabawal ay ang Shirk<sup>3</sup> at ito ay pananalangin, pagsamba maliban kay Allah ﷺ o katambal ni Allah ﷺ.

Sabi ni Allah ﷺ,

﴿ وَاعْبُدُوا اللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا بِهِ شَيْئًا ﴾

“At inyong sambahin si Allah at huwag niyo Siyang itambal sa kahit na anong bagay...”

*Qur'an 4:36*

<sup>2</sup> Tawhîd – ito ay ang paniniwala sa kaisahan o pamumukod-tangi ni Allah sa mga bagay na para lamang sa Kanya. Paniniwala sa Kanyang kaisahan at pamumukod-tangi sa pagka-panginoon, pagka-diyoos at sa Kanyang mga pangalan at katangian.

<sup>3</sup> Shirk – ito ay ang kasalungat ng tawhid, ang pagtamtambal kay Allah sa Kanyang pagkapanginoon, pagkadiyoos at mga pangalan at katangian.

## *Ang Tatlong Panuntunan*

**A**t kapag tinanong sa iyo kung ano ang tatlong panuntunan ng relihiyon na marapat malaman ng tao?

Ang sagot ay (1) ang pagkakilala ng lingkod sa kanyang Panginoon, (2) pagkaalam sa kanyang relihiyon at (3) pagkakilala kay Propeta Muhammad ﷺ.

## *Ang Unang Panuntunan*

Ang Pagkakilala sa iyong Panginoon.  
Kapag ikaw ay tinanong; “Sino ang iyong Panginoon?”

Sabihin; ang aking Panginoon ay si Allah ﷺ na Siyang nangangalaga sa akin at sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at Siya lamang ang aking sinasamba at wala akong sinasambah katambal sa Kanya.

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿الْحَمْدُ لِلّٰهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ﴾

“Ang papuri ay ukol kay Allah ang Panginoon ng mga nilalang.”

At lahat ay nilikha ni Allah ﷺ at ako ay isa sa kanyang mga nilikha.

At kung tatanungin ka; paano mong nakilala ang iyong Panginoon?

Sabihin; sa pamamagitan ng Kanyang mga tanda at sa Kanyang mga nilalang, at mula sa mga tanda Niya ay ang gabi at ang umaga, at ang araw, buwan at sa Kanyang paglikha sa kalangitan at lupa at sa mga nandito at sa pagitan ng mga ito.

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿وَمَنْ ءَايَتِهِ الْلَّيلُ وَالنَّهَارُ وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ لَا تَسْجُدُوا لِلشَّمْسِ وَلَا لِلْقَمَرِ وَأَسْجُدُوا لِلّٰهِ الَّذِي خَلَقُوهُ إِنْ كُنْتُمْ إِيمَانًا تَعْبُدُونَ﴾

“At mula sa Kanyang tanda ay ang gabi at ang umaga, ang araw at ang buwan. At huwag magpatirapa sa araw at sa buwan, at magpatirapa lamang kay Allah na Siyang may likha sa mga ito kaya't sa Kanya kayo ay sumamba.”

Sabi ni Allah ﷺ:

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ إِنَّ رَبَّكُمُ اللَّهُ الَّذِي خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ أَسْتَوَى عَلَى الْعَرْشِ يُغْشِي الَّلَّيْلَ الَّهَارَ يَطْلُبُهُ حَيْثَا وَالشَّمْسَ وَالْقَمَرَ وَالنُّجُومَ مُسْخَرَاتٍ بِأَمْرِهِ إِلَّا لَهُ الْحَكْمُ وَالْأَمْرُ تَبَارَكَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ ﴾ ﴿٢١﴾

“Tunay na ang iyong Panginoon ay si Allah na Siyang may likha ng mga kalangitan at lupa sa anim na araw at pagkatapos ay lumuklok sa Kanyang trono, at Kanyang tinatakpan ang gabi ng umaga sa paraang madalian, at ang araw at ang buwan at ang mga bituin ay nasa Kanyang pag-uutos. Hindi baga't sa Kanya ang paglilikha at pag-uutos, maluwalhati si Allah ang Panginoon ng mga nilalang.”

*Qur'an 7:54*

At ang Panginoon ay ang Siyang marapat sa pagsamba, ang patunay ay mula sa sinabi ni Allah ﷺ:

﴿ يَتَأَلَّمُ إِنَّ النَّاسُ أَعْبُدُوا رَبِّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ وَالَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴾ ﴿٢٢﴾ الَّذِي جَعَلَ لَكُمُ الْأَرْضَ فِرَشاً وَالسَّمَاءَ بِنَاءً وَأَنْزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَخْرَجَ بِهِ مِنَ الْمَرْأَتِ رِزْقًا لَّكُمْ فَلَا تَجْعَلُوا لِلَّهِ أَنْدَادًا وَأَنْتُمْ تَعْلَمُونَ ﴾ ﴿٢٣﴾

“O mga tao, sambahin ninyo ang inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo nang sa gayun kayo ay maging may takot, Siyang gumawa sa lupa

## *Ang Tatlong Panuntunan*

nang palatag at sa langit nang matatag, at nagpadala siya mula sa langit ng tubig at mula dito ay nagkaroon ng mga bunga biyaya para sa inyo. Kaya't huwag kayong gumawa para sa kanya ng katambal habang ito ay inyong nalaman.”

*Qur'an 2:021-022*

Sabi ni Ibn Kathir, “Ang Tagapaglikha ng mga bagay na ito ang siyang karapat-dapat sa pagsamba.”

At ang mga uri ng pagsamba tulad ng Islam, pananampalataya at Ihsân, at mula rin sa mga pagsamba ay ang pananalangin, takot, pag-asa, pagtitiwala, paghahangad, pagkasindak, pagkataimtim, pangamba, mataos na pagsisisi, paghiling, paghingi ng tulong, pag-aalay, panunumpa at mga tulad nito mula sa mga pagsamba na siyang ipinag-uutos ni Allah ﷺ, at ang lahat ng mga ito ay marapat para lamang kay Allah ﷺ. Ang patunay dito ay ang sinabi ni Allah ﷺ,

﴿ وَإِنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا ﴾ ﴿٢٤﴾

“At ang mga masjid<sup>4</sup> ay para kay Allah kaya't huwag manalangin sa iba kasama ni Allah.”

*Qur'an 7: 18*

At sinuman ang sumamba sa iba maliban pa kay Allah ﷺ, gayun siya ay naging Mushrik<sup>5</sup> na tumatangging manampalataya. Ang patunay ay mula sa sinabi ni Allah ﷺ;

<sup>4</sup> Masjid – O mosque, lugar ng pagsasagawa ng Salah o pagpapatirapa.

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ وَمَنْ يَدْعُ مَعَ اللَّهِ إِلَهًاٰءَاخْرَ لَا بُرْهَنَ لَهُ بِهِ فَإِنَّمَا حِسَابُهُ عِنْدَ رَبِّهِ ﴾  
 إِنَّهُ لَا يُفْلِحُ الْكَافِرُونَ ﴾١٧﴾

“Sinuman ang manalangin sa ibang diyos kasama ni Allah, wala silang patunay mula dito, at tunay na ang kanyang pagtutuos ay sa kanyang Panginoon. Tunay na hindi nagtagagumpay ang mga tumangging sumamampalataya.”

*Qur'an 23:117*

At sa hadīth, sabi ng Propera ﷺ, “Ang panalangin ay siyang utak ng pagsamba”.

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَقَالَ رَبُّكُمْ أَدْعُونِي أَسْتَحِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي  
 سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ ﴾٢٠﴾

“At sabi ng inyong Panginoon manalangin kayo sa Akin at sasagutin Ko kayo. Tunay na simulan ang naging mapagmalaki mula sa Aking mga lingkod ay kahiya-hiyang papasok sa Impiyerno”.

*Qur'an 40:60*

<sup>5</sup> Mushrik – silang mga sumasamba sa diyus-diyosan, ang siyang tagapagtuguyod ng Shirk.

## *Ang Tatlong Panuntunan*

### *Ang Takot*

Sabi ni Allah:

﴿ فَلَا تَحَافُوْهُمْ وَحَافُوْنِ إِنْ كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ ﴾١٨﴾

“...kaya't huwag mo silang katakutan at Ako (Allah) ang inyong katakutan kung kayo ay mananampalataya.”

*Qur'an 3:175*

### *Ang Pag-asa*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقاءَ رَبِّهِ فَلِيَعْمَلْ عَمَلاً صَلِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا ﴾١٩﴾

“At sinuman ang umasa ng pakikipagtagpo sa Panginoon niya ay gumawa ng kabutihan at huwag niyang itambal ang Panginoon niya sa pagsamba.”

*Qur'an 18:110*

### *Ang Pagtitiwala*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَعَلَى اللَّهِ فَتَوَكَّلُوا إِنْ كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ ﴾٢٣﴾

“At kay Allah magtiwala kung kayo ay mananampalataya.”

*Qur'an 5:23*

## *Ang Tatlong Panuntunan*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَمَن يَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُ ﴾

“At sinuman ang magtiwala kay Allah ay naging sapat ito sa kanya.”

Qur'an 65:3

## *Ang Paghahangad, Pagkasindak at Pagkataimitim*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ إِنَّهُمْ كَانُوا يُسَرِّعُونَ فِي الْخَيْرَاتِ وَيَدْعُونَا رَغْبًا وَرَهْبًا وَكَانُوا لَنَا حَشِيعِينَ ﴾

“Tunay na sila'y nagmamadali sa mga kabutihan, at tumatawag sila sa Amin ng may paghahangad, pagkasindak at sila ay mga taimtim.”

Qur'an 21:90

## *Ang Pangngamba*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ فَلَا تَخْشُوهُمْ وَأَخْشَوْنِي وَلَا تَمْ نَعْمَتِي عَلَيْكُمْ وَلَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴾

## *Ang Tatlong Panuntunan*

“At huwag niyo silang pangambahana at pangambahana niyo Ako, at gaganapin ko ang biyaya Ko sa inyo, nang sa gayun kayo'y magabayan.”

Qur'an 2:150

## *Ang Pagiging Taos Puso*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَأَنِيبُوا إِلَيَّ رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُوا لَهُ مِن قَبْلِ أَن يَأْتِيَكُمُ الْعَذَابُ ثُمَّ لَا تُنَصِّرُونَ ﴾

“At magbalik kayo sa Panginoon ninyo at sumuko sa Kanya bago pa man dumating sa inyo ang parusa at pakatapos ay hindi kayo matutulungan.”

Qur'an 39:54

## *Ang Pagpapatulong*

Sabi ni Allah:

﴿ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ﴾

“Sa Iyo kami sumasamba at sa Iyo kami humihingi ng tulong.”

Qur'an 1:5

At sa ḥadīth sabi ng Propeta ﷺ, “Kung hihingi ka ng tulong, ay humingi ka kay Allah.”

## *Ang Tatlong Panuntunan*

---

### *Ang Pagpapakupkop*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْأَنَاسِ ﴾ ﴿ مَلِكِ الْأَنَاسِ ﴾ ﴿ ١ ﴾ ﴿ ٢ ﴾

“Sabihin mo, ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng tao, ang nagmamay-ari ng tao.”

Qur'an 114:1-2

### *Ang Pagpapasaklolo*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ إِذْ تَسْتَغِيثُونَ رَبِّكُمْ فَاسْتَجَابَ لَكُمْ أَنِّي مُمْدُوكُ بِالْفِي مِنَ الْمَلَئِكَةِ مُرْدِفِينَ ﴾ ﴿ ٣ ﴾

“Tandaan, nang nagpasaklolo kayo sa Panginoon ninyo ay tinugon Niya kayo at sabing-tutulungan Ko kayo sa pamamagitan ng isang libong anghel na magkakahayag.”

Qur'an 8:9

### *Ang Pag-aalay*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴾ ﴿ ٤ ﴾ لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَإِنَّا أَوَّلُ الْمُسَاءِمِينَ ﴾ ﴿ ٥ ﴾

“Sabihin, ang aking Salah, pag-aalay at ang aking buhay at kamatayan ay para sa Panginoon ng mga nilalang, walang

## *Ang Tatlong Panuntunan*

---

katambal para sa Kanya at para dito ako ay inutusan at ako ang unang Muslim.”

Qur'an 6:162-163

At ayon sa Sunnah, sabi ng Propeta ﷺ, “Sumpain ni Allah ﷺ ang sinumang magkatay upang i-alay maliban kay Allah.”

### *Ang Panunumpa*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ يُوفُونَ بِالْأَنْذِرِ وَلَا يَخَافُونَ يَوْمًا كَانَ شَرُهُ مُسْتَطِيرًا ﴾ ﴿ ٦ ﴾

“Silang mga tumupad sa kanilang sinumpaan at natatakot sa araw na ang kasamaan ay laganap.”

Qur'an 76: 7

## *Ang Pangalawang Saligan*

**A**ng Pagkaunawa sa Relihiyong Islam naaayon sa Qur'an at Sunnah.

### *Ang Islam*

Ito ay ang pagsuko kay Allah sa pamamagitan ng Tawhîd at pagpapa-akay dito sa pamamagitan ng pagsunod at pagiging malaya sa Shirk at sa mga tauhan nito.

Ito ay naaayon sa 3 antas;

- a. Islam
- b. Îmân
- c. Ihsân

### *Una Islam*

Ang Haligi nito ay (5) lima:

1. Shahâdah – Ang pagsaksing walang diyos na marapat sa pagsamba maliban lamang kay Allah at pagsaksing si Muhammad ay Sugo ni Allah.
2. Pagtayo ng Salah

3. Pagbabayad ng Zakât
4. Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan
5. Pagsasagawa ng Hajj sa Makkah

Ang patunay mula sa Qur'an hinggil sa Shahadah, sabi ni Allah ﷺ:

﴿ شَهَدَ اللَّهُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ وَالْمَلَائِكَةُ وَأُولُوا الْعِلْمُ قَاتِلًا بِالْقَسْطِ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴾ (M)

“Sumasaksi si Allah na walang diyos maliban sa Kanya, at ang mga anghel at ang mga pinakalooban ng kaalaman at ang tagapagtuguyod ng katwiran, walang diyos maliban sa Kanya ang Makapangyarihan at ang Matalino.”

Qur'an 3:18

Ang kahulugan nito ay walang marapat sambahin maliban si Allah ﷺ lamang, “walang diyos” o ang pagkaila sa lahat ng uri ng sinasamba, ang “maliban kay Allah” ay ang pagtanggap na ang pagsamba ay ukol lamang kay Allah at wala Siyang katambal dito. Tulad ng wala rin Siyang katambal sa pagiging Tagapagmay-ari ng lahat at ang kalakip na pagpapaliwanag dito ay ang sa sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَإِذْ قَالَ إِبْرَاهِيمُ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِ إِنِّي بَرَاءٌ مِّمَّا تَعْبُدُونَ ﴿١﴾ إِلَّا الَّذِي فَطَرَنِي فَإِنَّهُ رَسَّا لِي سَهِيْدَيْنِ ﴿٢﴾ وَجَعَلَهَا كَلِمَةً بَاقِيَةً فِي عَقْبِهِ لَعَلَّهُمْ يَرَجِعُونَ ﴿٣﴾ ﴾ (TA)

## *Ang Tatlong Panuntunan*

“Tandaan, nang sinabi ni Ibrâhîm sa ama niya at sa mga kasamahan nito, na tunay na ako ay malaya sa inyong mga sinasamba. Maliban sa Siyang lumalang sa akin at tunay nga na ako ay gagabayen Niya. Kaya't ginawa Niya ang Salita na manatili sa aking mga lipi upang nang sa gayun sila ay magbalik.”

Qur'an 43: 26-28

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ قُلْ يَأَهْلَ الْكِتَبِ تَعَالَوْا إِلَى كَلِمَةٍ سَوَاءٌ يَبْيَنُّونَا وَيَبْيَكُمْ أَلَا نَعْبُدُ إِلَّا اللَّهُ وَلَا نُشْرِكَ بِهِ شَيْئًا وَلَا يَتَّخِذَ بَعْضُنَا بَعْصًا أَرْبَابًا مَنْ دُونِ اللَّهِ فَإِنْ تَوَلُّوْا فَقُولُوا أَشْهُدُوا بِأَنَّا مُسْلِمُونَ ﴾

“Sabihin, o mga may Kasulatan, halina sa salita na sa atin ay magkatulad, na ang ating sambahin si Allah lamang at huwag Siyang itambal sa anumang bagay at huwag nating gawin ang bawat isa sa atin bilang mga panginoon maliban kay Allah, gayun kung sila ay tumanggi sabihin kami ay sumasaksi na kami ay mga Muslim.”

Qur'an 3: 64

Ang patunay hinggil sa pagsaksing si Muhammad ﷺ ay Sugo ni Allah, sabi ni Allah ﷺ:

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ لَقَدْ جَاءَكُمْ رَسُولٌ مِنْ أَنفُسِكُمْ عَزِيزٌ عَلَيْهِ مَا عَنِتُّمْ حَرِيصٌ عَلَيْكُمْ بِالْمُؤْمِنِينَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴾

“Tunay na dumating sa inyo ang isang Sugo na kabilang sa inyo, napiighati siya na kayo ay magkasâkit. Siya ay nababahala para sa inyo at siya sa mga mananampalataya ay mahabagin at maawain.”

Qur'an 9:128

Ang kahulugan ng pagsaksing si Muhammad ﷺ ay Sugo ni Allah ﷺ ay ang pagsunod sa kanya na siyang ipinag-utos sa kanya at paniniwala sa mga ipinahayag sa kanya. At paglayo sa mga ipinagbabawal niya. At sasambahin lamang si Allah ﷺ sa paraang ibinatas niya.

Ang patunay hinggil sa pagtupad ng Salah at Zakât, sabi ni Allah ﷺ;

﴿ وَمَا أَمْرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الْدِينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الْأَنْكَوْةَ وَذَلِكَ دِينُ الْقِيَمَةِ ﴾

“At hindi sila inutusan maliban sa sambahin nila si Allah ng may dalisay na hangarin, at Siya lamang, at itayo ang Salah at magbigay ng Zakât at ito ang relihiyong matuwid.”

Qur'an 98:5

Ang patunay sa pagsasagawa ng ayuno, sabi ni Allah ﷺ:

﴿ يَنَّاهُا الَّذِينَ ءاْمَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴾ 

“O kayong mga sumampalataya, itinakda sa inyo ang ayuno tulad ng pagtakda sa mga nauna sa inyo nang sa gayun kayo ay maging may takot kay Allah.”

Qur'an 2:183

Ang patunay sa pagsagawa ng Hâjj, sabi ni Allah ﷺ:

﴿ فِيهِ ءَايَتٌ بَيْنَتٌ مَقَامُ إِبْرَاهِيمَ وَمَنْ دَخَلَهُ دَكَانَ ءَامِنًا وَلَهُ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مِنْ أَسْتَطْعَاعِ إِلَيْهِ سَيِّلًا وَمَنْ كَفَرَ فَإِنَّ اللَّهَ عَنِ الْعَلَمِينَ ﴾ 

“Dito ay mayroong tanda, sa Maqam<sup>6</sup> ni Ibrâhîm. Na sinuman ang pumasok dito ay nagtaglay kasiguraduhan, at para kay Allah na ang tao ay magsagawa ng hâjj sa bahay (Ka'bah) sa sinuman ang may kakayanan na ito ay tuparin. At sinuman ang tumanggi, tunay nga na si Allah ﷺ ay mayaman kaysa sa lahat ng mga nilalang.”

Qur'an 3:97

<sup>6</sup> Maqam Ibrâhîm – lugar ni Ibrâhîm

### Pangalawa Îmân

Ang Îmân ay binubuo ng (70) pitumpong bahagi at ang pinakamataas dito ay ang pagsabi ng walang diyos na marapat sambahin maliban kay Allah, at ang pinakamababa ay ang pag-alis ng mga balakid sa pagtupad at ang pagkahiya ay bahagi rin ng Îmân. Ang haligi nito ay anim:

1. Ang manampalataya kay Allah.
2. At sa Kanyang mga anghel.
3. At sa Kanyang mga Kapahayagan.
4. At sa Kanyang mga Sugo.
5. At sa Huling Araw.
6. At sa Tadhana, kabutihan at kasamaan nito.

Ang patunay sa mga haliging ito ay ang sinabi ni Allah ﷺ:

﴿ لَيْسَ الْبَرُّ أَنْ تُؤْلُوْا وُجُوهَكُمْ قَبْلَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ وَلَكِنَّ الْبَرَّ مَنْ ءَامَنَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَالْمَلَئِكَةِ وَالْكَتَبِ وَالنَّبِيِّنَ وَءَاتَى الْمَالَ عَلَى حُبِّهِ ذَوِي الْقُرْبَى وَالْيَتَامَى وَالْمَسْكِينَ وَابْنَ السَّبِيلِ وَالسَّائِلِينَ وَفِي الرِّقَابِ وَأَقَامَ الصَّلَاةَ وَءَاتَى الزَّكُوْةَ وَالْمُفُورُ بِعَهْدِهِمْ إِذَا عَاهَدُوا وَالصَّابِرِينَ فِي الْبُلْسَاءِ وَالصَّرَاءِ وَحِينَ الْبَأْسِ أُولَئِكَ الَّذِينَ صَدَقُوا وَأُولَئِكَ هُمُ الْمُتَّقُونَ ﴾ 

## **Ang Tatlong Panuntunan**

“Hindi kabutihan ang pagharap sa silangan o kanluran, ngunit ang tunay na kabutihan ay sinumang manampalataya kay Allah, sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa mga aklat, sa mga Propeta at ang pagbibigay ng salapi kahit na ito ay kamahal-mahal sa kanya sa kanyang mga kamag-anakan, mga ulila, mga mahihirap at mga manlalakbay, at magpalaya ng alipin, at magtayo ng Salah at magbigay ng Zakât at silang tinutupad ang kanilang mga pangako, at silang naging matiisin sa masidhing kahirapan at karamdamian at sa digmaan, sila yaong mga tunay na mananampalataya at sila ang mga may takot kay Allah.”

Qur'an 2:177

Ang patunay hingil sa tadhana ay ang sinabi ni Allah ﷺ;

﴿ إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ ﴾

“Tunay na Aming nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng tadhana.”

Qur'an 54: 49

## **Pangatlo Ihsân**

Ang Ihsân ay may isang haligi:

Ito ay ang sambahin si Allah ﷺ na para mo Siyang nakikita, at Siya nga'y hindi mo nakikita ngunit tunay naman na ikaw ay Kanyang nakikita.

## **Ang Tatlong Panuntunan**

Ang patunay dito ay ang sinabi ni Allah ﷺ;

﴿ إِنَّ اللَّهَ مَعَ الَّذِينَ أَتَقَوْا وَالَّذِينَ هُمْ مُحْسِنُونَ ﴾

“Tunay na si Allah ay kasama ng mga may takot sa Kanya at silang Muhsinun.”

Qur'an 16:128

At sabi ni Allah ﷺ;

﴿ وَتَوَكَّلْ عَلَى الْعَزِيزِ الرَّحِيمِ ﴾ الَّذِي يَرَثَكَ حِنْ تَقْوُمُ ﴿ وَتَقْلِبَكَ فِي الْسَّجِدَيْنَ ﴾ إِنَّهُ هُوَ الْسَّمِيعُ الْعَلِيمُ ﴾

“At magtiwala sa Pinakamakapangyarihan at sa Pinakamaawain, na Siyang nakikita ka sa iyong pagtayo, at ang mga kilos mo ay kabilang sa mga nagpapatirapa, tunay na Siya ang Nakaririnig at ang Nakakaalam.”

Qur'an 26:217-220

At sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَمَا تَكُونُ فِي شَانِ وَمَا تَتَلُوْ مِنْهُ مِنْ قُرْءَانٍ وَلَا تَعْمَلُونَ مِنْ عَمَلٍ إِلَّا كُنَّا عَلَيْكُمْ شُهُودًا إِذْ تُفِيضُونَ فِيهِ ﴾

“At hindi ikaw<sup>7</sup> sa anumang bagay at sa anumang inyong binigkas mula sa Qur'an, at hindi niyo ginawa ang anumang

<sup>7</sup> Ang tinutukoy dito na "ikaw" ay ang Propeta Muhammad ﷺ.

## **Ang Tatlong Panuntunan**

sa gawa maliban na Kami sa inyo ay saksi, habang ito ay inyong ginagawa...”

*Qur'an 10: 061*

At ang patunay mula sa Sunnah ay ang tanyag na hadîth ni Jibrîl ﷺ;

Ayon kay Omar رضي الله عنه, na nagsabi: Isang araw kami ay nakaupo kasama ang Sugo ni Allah ﷺ nang dumating sa amin ang isang lalaki na nakaputing kasuotan at napakaitim ng buhok na hindi makikitaan ng bakas ng paglalakbay, at wala ni isa man sa amin ang nakakikilala sa kanya, hangga't sa umupo siya sa harap ng Propeta ﷺ at ang tuhod niya ay nakatapat sa tuhod ng Propeta ﷺ at ipinatong niya ang kanyang palad sa hita ng propeta ﷺ at sinabi: “O Muhammad, sabihin mo sa akin ang hinggil sa Islam”, at sinabi ng Sugo ni Allah ﷺ: “Ang Islam ay ang pagsaksi na walang diyos maliban lamang kay Allah ﷺ at si Muhammad ﷺ ay sugo ni Allah at itayo ang salah<sup>8</sup>, magbigay ng zakât,<sup>9</sup> mag-ayuno sa buwan ng Ramadân, at magsagawa ng hajj<sup>10</sup> sa bahay<sup>11</sup> kung may kakayanang gawin ito.” At sinabi:

<sup>8</sup> Ito ay ang limang obligadong pagdarasal o salâh mula sa umaga hanggang gabi na tinutupad ayon sa pamamaraang itinuro ng Propeta ﷺ

<sup>9</sup> Zakât – ito ay obligadong kawanggawa mula sa mayayaman na ang kanilang ari-arian ay umabot sa laki ng antas upang patawan ng zakât.

<sup>10</sup> hajj – paglalakbay sa Makkah sa tukoy na panahon upang gawin ang mga ritwal na itinuro ng Propeta Muhammad ﷺ na mayroong layunin tuparin ang pilgrimo.

<sup>11</sup> Ang bahay na tinutukoy dito ay ang *Makkah*.

## **Ang Tatlong Panuntunan**

“ikaw ay tama”, at kami ay nagulat sapagkat siya ay nagtanong at agad na naniwala sa Propeta ﷺ, at sinabi muli, “sabihin mo sa akin ang hinggil sa pananampalataya<sup>12</sup>”: At sabi ng Propeta ﷺ: “Ang sumampalataya kay Allah, sa mga anghel at sa mga aklat<sup>13</sup> at sa mga sugo at sa huling araw<sup>14</sup> at sa tadhana, sa kabutihan at kasamaan nito.” At sinabi: “ikaw ay tama”, at nagsabi muli: “Sabihin mo sa akin ang hinggil sa ihsan”, at nagsabi ng Propeta ﷺ: “Ang ihsan ay ang sambahin si Allah ﷺ na parang nakikita mo Siya at tunay naman na hindi mo Siya nakikita ngunit tunay namang nakikita ka Niya.” At sabing muli: “sabihin mo sa akin ang hinggil sa oras<sup>15</sup>”, sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang nagtatanong ay siyang mas maalam sa tinatanong.” At sabing muli, sabihin mo sa akin ang hinggil sa mga tanda nito, at sinabi ng Propeta ﷺ, “Kapag ang aliping babae ay nanganak mula sa kanyang amo niya at makikita mo ang mga nakapaa, nakahubad, at mga dukha at mga pastolero na nagpapaligsahan sa pagpapataasan ng gusali. At ang lalaki

<sup>12</sup> Imán – ito ay salitang Arabe na ang pinakamalapit ng kahulugan ay maaring isalin sa salitang “pananampalataya”.

<sup>13</sup> Aklat – ito ay ang paniniwala sa Qur'an kabilang ang mga naunang kapahayagan (hal. Tawrah, Zabur, Injil), na ang kahulugan ng pananampalataya sa mga naunang kapahayagan ay ang paniwalaang ito ay umiral at hindi upang gawing panuntunan ng buhay o pananampalataya sa ating panahon.

<sup>14</sup> Huling Araw – ito ay ang araw ng pagkabuhay ng mag-uli at dito ang lahat ng tao ay hahatulan ayun sa kanyang ginawa habang siya ay nabubuhay pa.

<sup>15</sup> Ang tinutukoy na *Oras* dito ay ang oras na pagdating ng araw ng pagkabuhay ng mag-uli.

## **Ang Tatlong Panuntunan**

---

ay umalis na, at ako ay naiwan at sinabi ng Propeta ﷺ, “O Omar ﷺ, kilala mo ba kung sino ang nagtanong na’yun?” Ang sabi ko, si Allah ﷺ at ang Kanyang Sugo ang nakaalam, at sabi ng Propeta ﷺ: “Tunay na siya ay si Jibreel ﷺ na dumating sa inyo at itinuro sa inyo ang inyong relihiyon.”

Muslim

## **Ang Pangatlong Saligan**

Pagkilala sa Propeta niyo na si Propeta Muhammad ﷺ

Siya si Muhammad bin 'Abdu'llah bin Abd Mu'talib bin Hâshim at si Hâshim ay mula sa tribo ng Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa lahi ng Arabo at ang mga Arabo ay mula sa lipi ni Isma'il na anak ni Ibrâhim, ang khalilullah. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta. At ang kanyang edad 40 bago dumating ang propesiya at 23 taong gulang siya sa kanyang misyon bilang propeta at sugo.

Naging propeta ng ipinahayag sa kanya ang rebelasyon na “iqra”, at pagiging sugo nang ipinahayag sa kanya ang Surah Al-Mudaththir<sup>16</sup>.

Ipinadala siya ni Allah upang magbabala sa Shirk at tawagin ang tao sa Tawhîd.

---

<sup>16</sup> Ang ika-74 na kabanata ng Qur'an.

## **Ang Tatlong Panuntunan**

---

Ang patunay ay ang sinabi ni Allah ﷺ:

﴿ يَأَيُّهَا الْمُدَّثِّرُ ﴿١﴾ قُمْ فَأَنذِرْ ﴿٢﴾ وَرَبِّكَ فَكَبِرْ ﴿٣﴾ وَثِيَابَكَ فَطَهَرْ ﴿٤﴾ وَالْرُّجَّزَ  
فَاهْجُرْ ﴿٥﴾ وَلَا تَمْنُنْ تَسْتَكْثِرْ ﴿٦﴾ وَلَرِبِّكَ فَاصْبِرْ ﴿٧﴾

“O nakatakip, bumangon ka at magbabala, at dakilain ang iyong Panginoon, at dalisayin ang iyong mga kasoutan, at ang Rujz ay iyong layuan, at huwag ka magbigay upang magparami, at para sa Panginoon mo ay magtiis.”

*Qur'an 74: 1-7*

At ang kahulagan ng “Magbabala” ay pagbabala sa Shirk at magtawag tungo sa Tawhîd. Ang “Dakilain ang iyong Panginoon” ay dakilain sa pamamagitan ng Tawhîd. Ang “Dalisayin ang iyong mga kasoutan” ay dalisayin ang mga gawain laban sa Shirk. Ang “Rujz ay iyong layuan” ito ay ang rebulto na dapat layuan, at ang pagiging walang kauganayan sa mga ito at mga tao nito.

Pinagpatuloy niya ang pagtawag sa kaisahan ni Allah nang sampung taon at inakyat siya sa langit kung saan ang limang obligadong şalâh ay ipinag-utos at ginampanan niya ito ng tatlong taon sa Makkah at pagkatapos ay inutos ang Hijrah tungong Madinah.

Ang Hijrah ay ang paglikas mula sa bayan ng *shirk* tungo sa bayan ng Islam, kaya't ang hijra ay obligasyon ng

## *Ang Tatlong Panuntunan*

nasyong ito mula sa bayan ng Shirk tungo sa bayan ng Islam hanggang sa pagdating ng Huling Oras.

At ang patunay ay sa sinabi ni Allah ﷺ:

﴿ إِنَّ الَّذِينَ تَوَفَّهُمُ الْمَلَائِكَةُ طَالِمِيَ أَنفُسِهِمْ قَالُوا فِيمْ كُنْتُمْ قَالُوا كُنَّا مُسْتَضْعِفِينَ فِي الْأَرْضِ قَالُوا أَلَمْ تَكُنْ أَرْضُ اللَّهِ وَسِعَةً فَهُنَّا فَأُولَئِكَ مَا وَنَاهُمْ جَهَنَّمُ وَسَاءَتْ مَصِيرًا إِلَّا الْمُسْتَضْعِفِينَ مِنْ أَنْجَالِ وَالنِّسَاءِ وَالْوِلْدَانِ لَا يَسْتَطِعُونَ حِيلَةً وَلَا يَهْتَدُونَ سَبِيلًا فَأُولَئِكَ عَسَى اللَّهُ أَنْ يَعْفُو عَنْهُمْ وَكَارَ اللَّهُ عَفْوًا غَفُورًا ﴾

“Tunay na silang pinaslang ng mga anghel habang sila ay di makatwiran sa kanilang mga sarili, ay sabi; ano kayo dati? At sabi nila; kami noon ay mahina sa mundo, at sabi; hindi baga ang lupa ay malawak na kayo ay maaring lumikas dito? Sila yaong tahanan ay sa Impierno, napasamang lagakan. Malaban sa mga tunay na mga mahihina mula sa mga kalalakihan, kababaihan at kabataan na silang walang kakayanang magsagawa ng hakbang at gawin ito. At ang mga ito ang mga patatawarin ni Allah at si Allah ay ang Nagpapatawed at ang Pinakamaawain.”

*Qur'an 4: 97-99*

At sinabi pa ni Allah ﷺ:

﴿ يَعْبَادِي الَّذِينَ ءَامَنُوا إِنَّ أَرْضِي وَسِعَةٌ فَإِيَّنِي فَاعْبُدُونِ ﴾

## *Ang Tatlong Panuntunan*

“O lingkod Ko na silang nanampalataya, tunay na ang lupa ay malawak kaya't Ako'y sambahin ninyo.”

*Qur'an 29: 56*

Ang sabi ni *Baghawî* (kaawaan nawa siya ni Allah), “Ang dahilan ng kapahayagan ng ayah na ito ay hinggil sa mga Muslim na nasa Makkah na hindi pa lumilikas tungo sa Madinah, ay tinawag sila ni Allah sa ngalan ng pananampalataya”.

At ang patunay sa Sunnah, ang sinabi ng Propeta ﷺ; Hindi matatapos ang *Hijrah* hangga't hindi sumisikat ang araw sa kanluran.

At nang sila na ay nanahan sa Madinah ay isinabatas ang natitirang mga batas sa Islam tulad ng *Zakât*, *ayuno*, *Hâjj*, *Adhâن*, *Jihâd*, ang pag-uutos ng kabutihan at ang pagbabawal ng kasamaan at tulad ng mga ito mula sa mga batas ng Islam.

At siya ay namatay pagkatapos ng sampung taon mula ng *Hijrah*, ngunit iniwan niya ang Islam na nasa tamang gabay at babala sa lahat ng kasamaan. Ang kabutihan ay ang pagtawag sa *Tawhîd* at lahat ng kamahal-mahal at kalugod-lugod kay Allah. At ang babala sa kasamaan ng Shirk at lahat ng kinaaayawan ni Allah at mga pinagbabawal nito.

## *Ang Tatlong Panuntunan*

At siya ay isinugo ni Allah sa lahat ng nasyon at itinakdang marapat sundin ng lahat ng mga nilikha, ang mga jinn at tao.

Ang patunay ay ang sinabi ni Allah ﷺ:

﴿ قُلْ يَأْتِيهَا الْنَّاسُ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ جَيِّعًا ﴾

“Sabihin mo, o mga tao ako ay sugo ni Allah para sa inyong lahat...”

*Qur'an 7:158*

At sa pamamagitan niya ay ginawang ganap ni Allah ang Relihiyon

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتْمَمْتُ عَلَيْكُمْ بَعْدَ مَا تَرَكْتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا ﴾

“Sa araw na ito ay kinumpleto Ko para sa inyo ang relihiyon ninyo at ginanap Ko ang biyaya ko sa inyo at pinili Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon.”

*Qur'an 5: 3*

At pinatunayin rin sa Qur'an na si Propeta Muhammad ﷺ ay mamamatay, sabi ni Allah ﷺ:

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ إِنَّكَ مَيِّتٌ وَإِنَّهُمْ مَيِّثُونَ ﴾ ﴿ ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَمَةِ عِنْدَ رَبِّكُمْ تَحْتَصِمُونَ ﴾

“Tunay na ikaw<sup>17</sup> ay mamamatay at tunay na sila ay mamamatay rin, at pagkatapos kayo sa araw ng pagbabuhay sa Panginoon niyo kayo ay magtatalo.”

*Qur'an 39: 30-31*

At ang tao kapag namatay ay binubuhay muli, ang sabi ni Allah ﷺ:

﴿ مِنْهَا خَلَقْنَاكُمْ وَفِيهَا نُعِيدُكُمْ وَمِنْهَا تُخْرِجُكُمْ تَارَةً أُخْرَى ﴾

“Mula dito ay nilikha Namin kayo at dito Namin ibabalik kayo at Aming ilalabas kayong muli.”

*Qur'an 20: 55*

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَاللَّهُ أَنْبَكَمْ مِنَ الْأَرْضِ نَبَاتًا ﴾ ﴿ ثُمَّ يُعِيدُكُمْ فِيهَا وَتُخْرِجُكُمْ إِخْرَاجًا ﴾

“At si Allah ay ginawa kayo mula sa lupa tulad ng halaman, at pagkatapos ay ibabalik kayo dito at muli kayo ay ilalabas dito.”

*Qur'an 71:17-18*

<sup>17</sup> Ang tinutukoy dito ay ang Propeta Muhammad ﷺ.

## *Ang Tatlong Panuntunan*

At pagkatapos buhayin muli ay gagantimpalaan o parurusahan ayon sa mga ginawa nila.

Sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَلَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ لِيَجْزِيَ الَّذِينَ أَسْعَوا بِمَا عَمِلُوا وَسِيرَى الَّذِينَ أَحْسَنُوا بِالْحَسْنَى ﴾ ﴿٤٥﴾

“At kay Allah ang pagmamay-ari ng mga nasa kalangetan at mga nasa lupa ay gagantimpalaan ang mga masasama ayon sa kanilang ginawa at gagantimpalaan mga naging mabubuti ng pinakamabuti.”

*Qur'an 53: 31*

At sinuman ang pinasinungalingan ang Pangkabuhay ng Muli ay naging *Kâfir*.<sup>18</sup>

Ang patunay ay ang sabi ni Allah ﷺ:

﴿ زَعَمَ الَّذِينَ كَفَرُوا أَنَّ لَنْ يُبَعَثُرُ قُلْ بَلَى وَرَبِّكَ لَتُبَعِّثُنَّ ثُمَّ لَتُنَبَّهُنَّ بِمَا عَمِلُوكُمْ وَذَلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ ﴾ ﴿٧﴾

“Nag-angkin ang mga tumangging mananampalataya na sila ay hindi bubuhayeng muli, sabihin mo! Bagkos, sumpa sa Panginoon ko tunay na kayo ay bubuhayin muli at

<sup>18</sup> Ang mga tumangging manampalataya.

## *Ang Tatlong Panuntunan*

sasabihin sa inyo kung ano ang inyong mga ginawa, at tunay na iyon para kay Allah ay madali.”

Qur'an 64: 7

At ipinadala ni Allah ﷺ ang lahat ng mga sugo upang maging tagapagalita ng kabutihan at tagapagbabala.

At ang patunay ay ang sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَرُسُلًا قَدْ قَصَصْنَاهُمْ عَلَيْكَ مِنْ قَبْلٍ وَرُسُلًا لَمْ نَقْصَصْنَاهُمْ عَلَيْكَ وَكَلَمَ اللَّهُ مُوسَى تَكْلِيمًا ﴾ ﴿١٧﴾

“At may mga sugong Aming ikinuwento sa inyo dati at may mga sugong hindi Namin ikinuwento sa inyo. At kinausap ni Allah ﷺ si Mûsâ ﷺ ng pangungusap.”

Qur'an 4:164

Ang unang sugo ay si Nûh ﷺ at ang pinakahuling sugo ay si Muhammad ﷺ, at siya ang panghuling propeta.

Ang patunay na si Nuh ﷺ ang unang sugo ay ang sabi ni Allah ﷺ:

## *Ang Tatlong Panuntunan*

﴿ إِنَّا أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ كَمَا أَوْحَيْنَا إِلَى نُوحٍ وَالنَّبِيِّنَ مِنْ بَعْدِهِ وَأَوْحَيْنَا إِلَى إِبْرَاهِيمَ وَإِسْمَاعِيلَ وَإِسْحَاقَ وَيَعْقُوبَ وَالْأَسْبَاطِ وَعِيسَى وَإِيُّوبَ وَيُونُسَ وَهَرُونَ وَسُلَيْمَانَ وَءَاتَيْنَا دَاؤِدَ رَبُورًا ﴾

“Tunay na Kami ay nagpahayag sa iyo, tulad ng pagpapahayag Namin kay Nuh at sa mga sugong pagkatapos niya at nagpahayag kami kay Ibrahim, Isma'il, Ishaq, Ya'qub, sa labindalawang tribu ng Isra'il, kay 'Eisa, Ayyub, Yunus, Harun, Sulaiman at binigay Namin kay Dawud ang Zabur.”

*Qur'an 4:163*

At sa lahat ng nasyon ay nagpadala si Allah ﷺ ng sugo, mula kay Nuh ﷺ hanggang kay Muhammad ﷺ, upang ipag-utos ang pagsamba kay Allah ﷺ lamang at ang pagbabawal sa pagsamba sa tâghut.

Ang patunay ay ang sabi ni Allah ﷺ:

﴿ وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِّيْبُوا اللَّهَ وَاجْتَنَبُوا الظَّغْوَتَ ﴾

“At nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng sugo upang ipasamba sa kanilang si Allah at palayuan sa kanila ang tâghut...”

*Qur'an 16: 036*

## *Ang Tatlong Panuntunan*

Inutos ni Allah ﷺ ang pagtanggi sa lahat ng uri ng tâghut at panampalayanan lamang si Allah ﷺ.

Sabi ni Ibn al-Qayyim:

Ang kahulugan ng tâghut ay ang paglakpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalagayan mula sa pagsamba o pagtatambal o sa pagsunod, at ang uri ng taghut at marami, at ang pangunahin nito ay ang limang ito:

1. Si Iblis – sumpain siya ni Allah ﷺ.
2. Sinumang sinasamba at siya ay nasisiyahan.
3. Sinuman ang nanawagan sa tao na sambahin siya.
4. Sinuman ang nag-aangkin na mayroon siyang kaalamang sa lingid.
5. At sinuman ang humahatol maliban sa kapahayagan ni Allah ﷺ.

At ang patunay ay ang sabi ni Allah ﷺ:

﴿ لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيْرِ فَمَن يَكْفُرُ بِالظَّغْوَتِ وَيُؤْمِنُ بِاللَّهِ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُتْقَى لَا أَنْفِصَامَ لَهُ وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴾

“Walang sapilitan sa relihiyon sapagkat malinaw gabay mula sa kaligawan, kaya't sinuman ang tumangging sumampalataya sa taghut at manampalataya kay Allah ay

## ***Ang Tatlong Panuntunan***

---

nakadakmal siya ng matatag na mapaggakatiwalaan na hindi mabibiyak. At si Allah ang Nakaririnig at ang Nakaaalam.”

*Qur'an 2: 256*

At ito ang kahulugan ng “***La ilaha illalah***” ay walang diyos na marapat sambahin maliban kay Allah ﷺ.

At sabi sa ḥadīth ng Propeta ﷺ, “...ang pangulo ng mga bagay na ito ay ang Islam at ang saligan nito ay ang Salah at ang pinakamataas na proteksyon nito ay ang Jihad fi Sabilillah<sup>19</sup> ...”

*At tunay nga na ang Nakaaalam ay si Allāh...*

---

<sup>19</sup> Jihad Fi Sabilillah – ang pakikibaka para sa landas ni Allah ﷺ.